LALAWIGAN
NG SAN DIEGO



PROGRAMA NG PANGANGALAGA SA WATERSHED



# Mga Golf Course

Sinusuportahan ng ***Programa sa Pagprotekta sa Watershed ng County ng San Diego*** ang mga negosyo sa kanilang mga pagsusumikap upang maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay nitong mahalagang Mga Pinakamagandang Kasanayan sa Pamamahala (Best Management Practices, mga BMP) ng Tubig mula sa Malakas na Buhos ng Ulan (Stormwater).

! HINDI GINAGAMOT ang tubig na pinakakawalan sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa County ng San Diego bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong ari-arian at makapasok sa mga kalsada o mga storm drain. Tubig ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain. ***Makakatulong ang mga payo na ito para sa pag-inspeksyon ng iyong negosyo na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig.***

maaari nating
**pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig**
sa kaunting
hakbang lang.

## Mga Lugar para Maghugas

- Tukuyin ang lahat ng drain sa iyong maintenance area upang matiyak na hindi makakalabas ang tubig sa isang storm drain.
- Pansamantalang takpan ang kalapit na mga inlet ng storm drain upang maiwasang makapasok sa storm drain system ang tubig mula sa paghuhugas.
- Hugasan ang mga golf cart at lawn mower sa ibabaw na maaaring tagusan ng tubig (landscaping, graba, atbp.).
- Kapag naghuhugas ng mga golf cart at lawn mower sa semento, ipunin at i-contain ang lahat ng pinaghugasang tubig para maitapon ito nang tama nang ayon sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon o itapon ang pinaghugasang tubig sa ibabaw na maaaring tagusan ng tubig tulad ng landscaping.
- Kunin at i-contain ang mga kemikal sa pag-alis ng grasa sa makina at ang kasama nitong umaagos na tubig (runoff). Itapon nang alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.
- Bawasan o alisin ang paggamit ng mga sabon, degreaser, o iba pang mga kemikal na panlinis.

*mas madami pang tip >>>*

***Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.***

HUNYO 2022







## Mga Lugar para Maghugas

- Pansamantalang takpan ang mga drain sa sahig sa mga lugar para sa pag-maintain ng gamit upang maiwasang makapasok sa storm drain system ang mga natapon, tumagas, o umagos.
- Hugasan ang gamit para sa paglalagay ng pesticide sa itinalagang lugar, dahil ang pinaghugasang tubig ay maaaring may laman na natirang pesticide. Huwag hugasan ang gamit para sa paglalagay ng pesticide nang malapit sa mga anyong tubig o mga inlet ng storm drain.

## Mapanganib na Basura

- Kasama sa mga halimbawa ng mga karaniwang mapanganib na basura ang gasolina, diesel, pintura, mga produkto para sa pag-maintain ng parts, mga baterya, at mga solvent. Ang mga negosyong namamahala ng mga mapanganib na materyal na may dami na maaaring i-report ay kinakailangang magsumite ng Plano ng Negosyo para sa Mapanganib na mga Materyal (Hazardous Materials Business Plan) gamit ang Sistema ng Pangkapaligirang Pagre-report sa California (California Environmental Reporting System).
- Pamahalaan ang mapanganib na basura nang alinsunod sa mga instruksyon sa label, mga regulasyon, at mga batas.
- Ligtas na i-lock ang mga imbakang lugar ng mapanganib na basura. Dapat selyado ang mga lalagyan ng mapanganib na basura nang walang mga tagas at may label ng pangalan ng produkto at petsa.
- Panatilihing nasa maayos na kondisyon ang mga tangke o mga drum ng imbakan ng langis. Inspeksyunin palagi ang lahat ng imbakang lugar para sa nagamit nang langis upang tingnan kung may mga tagas at natapon.

## Pamamahala ng mga Stockpile

- Ang mga stockpile ay dapat nasa pinakamababang 50 talampakan ang layo mula sa mga concentrated na daloy ng stormwater, lagusan ng kanal, at mga inlet.
- Protektahan ang mga stockpile mula sa stormwater sa pamamagitan ng paggamit ng pansamantalang perimeter ng mga sandbag, bag ng graba, o mga harang na gawa sa dayami.

**Ang direkta o hindi direktang pagpapakawala ng mga pollutant sa storm drain system o mga daanan ng tubig ay paglabag sa Ordinansa sa ng County (Watershed Protection Ordinance, WPO).** ***Kinakailangang sumunod ang iyong negosyo sa WPO at sa pinakamababang mga BMP na binanggit sa itaas.***

**salamat** sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.

*Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.*

HUNYO 2022